**Self-Determination Program (SDP): Ano ang Maaaring Bayaran o Hindi Bayaran at Bakit?**

*Ang sumusunod na impormasyon ay nilalayong tulungan ang kalahok at ang kanilang team sa mga pinakakaraniwang tanong tungkol sa mga SDP na produkto at serbisyo hanggang sa ngayon; hindi nito sinasaklaw ang lahat-lahat. Bilang sanggunian, ang mas komprehensibong listahan ng mga paglalarawan ng serbisyo ay makikita rito. Kung mayroon kang mga tanong, makipag-ugnay sa iyong regional center.*

| **Mga Produkto at Serbisyo** | **Hindi Pinahihintulutan, Pinahihintulutan o Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta** | **Bakit?** | **Ano ang Ibig Sabihin Nito?** |
|---|---|---|---|
| **MGA GASTUSIN SA BAHAY AT PAMUMUHAY** | | | |
| Mga suporta sa pag-access sa pabahay na kinakailangan upang ipatupad ang kanilang indibidwal na plano ng programa (individual program plan, IPP) | Pinahihintulutan | Federal Waiver Service Code 314 | Mga serbisyo sa paglipat sa indibidwal na pabahay, tulad ng paghahanap ng lugar na matitirhan at pagtulong sa pag-apply ng nangungupahan<br><br>Mga serbisyo sa indibidwal na pabahay at pagpapanatili ng nangungupahan, tulad ng pagtulong sa kalahok na may mga hindi pagkakasundo sa pagitan nangungupahan at kasero o pagtulong sa muling pagsertipika ng pabahay |
| Pag-angkop sa pangkapaligirang pag-access na nauugnay sa kapansanan na kinakailangan para ipatupad ang kanilang IPP | Pinahihintulutan | Federal Waiver Service Code 356 | Mga pag-angkop sa bahay ng isang tao na nauugnay sa kanilang kapansanan, nagtitiyak ng kanilang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan, o pagpapabuti ng kakayahang mabuhay mag-isa ng indibidwal sa loob ng kanilang sariling bahay (halimbawa, rampa, mga hawakan, pambukas ng pinto) |
| Kuwarto at pagkain | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal sa mga Federal Waiver Program | Ang upa, mga grocery, pagkain, pamamalagi sa hotel ay hindi maaaring direktang bilhin (halimbawa, pagbabayad ng cash sa respite worker) at pagkatapos sisingilin sa ahensya ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Service, FMS) para i-reimburse. |
| Mga pag-angkop o pagpapahusay sa bahay na para sa pangkalahatang paggamit at hindi nauugnay sa mga kailangan ng kalahok na nauugnay sa kapansanan | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal na mga Federal Waiver Program | Mga pagsasaayos/pagbabago sa bahay na hindi nauugnay sa mga pangangailangan dahil sa kapansanan at mga tipikal na bagay na responsibilidad ng may-ari ng bahay o kasero (halimbawa, pagpapaganda ng kusina, swimming pool, mga serbisyo ng electrician o tubero, mga pagkumpuni ng bubong, pagsasaayos ng HVAC, pagbili ng mga bagong appliance) |

| Mga Produkto at Serbisyo | Hindi Pinahihintulutan, Pinahihintulutan o Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Bakit? | Ano ang Ibig Sabihin Nito? |
|---|---|---|---|
| **MGA SASAKYAN** | | | |
| Mga pagbabago at pag-aangkop sa sasakyan na nauugnay sa kapansanan at ang pagpapanatili at pagmementina ng mga bagay na ito | Pinahihintulutan | Federal Waiver Service Code 377 | Mga pag-aangkop o pagbabago sa isang sasakyan o van na pangunahing pamamaraan ng transportasyon ng kalahok upang matugunan ang mga pangangailangan dahil sa kapansanan ng kalahok (halimbawa, mga lift, rampa, hand brake)<br><br>Pagpapanatili at pagmementina ng mga modipikasyong iyon sa isang sasakyan o van na pangunahing pamamaraan ng transportasyon ng kalahok upang matugunan ang mga pangangailangan dahil sa kapansanan ng kalahok |
| Pagbili o pag-upa ng isang sasakyan | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal na mga Federal Waiver Program | Ang pagbili/pag-upa ng sasakyan para sa transportasyon ay hindi pinahihintulutan |
| Ang mga pag-angkop o pagpapahusay sa sasakyan na hindi nauugnay sa pangangailangan dahil sa kapansanan | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal na mga Federal Waiver Program | Mga upgrade o pagpapahusay sa sasakyan na hindi nauugnay sa pangangailangan dahil sa kapansanan (halimbawa, pagdagdag ng mga bagong rim o bagong pintura) |
| Regular na naka-iskedyul na pagpapanatili at pagmementina ng isang sasakyan | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal na mga Federal Waiver Program | Mga pagkukumpuni o pangkalahatang pagmementina sa sasakyan na hindi nauugnay sa mga pangangailangan dahil sa kapansanan (halimbawa, mga bagong gulong, pagpapalit ng baterya ng sasakyan, mga pagpapalit ng langis) |

| Mga Produkto at Serbisyo | Hindi Pinahihintulutan, Pinahihintulutan o Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Bakit? | Ano ang Ibig Sabihin Nito? |
|---|---|---|---|
| **PAGSAMA SA KOMUNIDAD** | | | |
| Ang mga kinakailangang suporta sa pagsama sa komunidad upang ipatupad ang kanilang IPP | Pinahihintulutan | Federal Waiver Service Code 331 | Mga suporta sa pagsama sa komunidad na tumutulong sa kalahok na makamit o mapanatili ang kanilang pinakamataas na antas ng paggana, pagdepende sa isa't isa at pamumuhay nang mag-isa at/o pagpapataas at pagpapahusay ng pagtulong sa sarili, pakikisalamuha, komunikasyon. Maaaring kabilang sa mga serbisyong ito ang pakikisalamuha at kamalayan tungkol sa komunidad, mga kakayahan sa komunikasyon, mga kamalayang visual, sa pandinig at pandamdam at mga karanasan sa pandama, at mga kakayahan sa pagtataguyod ng sarili. Maaari nilang pagtibayin ang kanilang mga kakayahan o aralin na itinuro sa paaralan, therapy o iba pang mga lugar. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang mga programa sa sining at libangan kung natutulungan ng mga naturang serbisyo ang kalahok "sa pamamagitan ng mga nakakapagpagaling at/o pisikal na aktibidad" (halimbawa, klase sa pag-ehersisyo sa parke, klase sa paglangoy sa isang pampublikong pool, pagpinta sa isang lokal na art studio); pagpapatuloy ng mga klase sa edukasyon upang tulungan ang kalahok na tuklasin ang mga interes o pagbutihin ang mga kakayahang pang-akademiko o kumpletuhin ang katumbas sa high school; pagtuturo sa mga kasama, mga serbisyo sa pagkilos; pagbuo ng pagkakaibigan at ugnayan. |
| Ang mga produkto at serbisyo na binibili para sa libangan (halimbawa, amusement park, mga tiket sa concert o libangan na hindi nagbibigay ng benepisyong panterapeutika at/o pisikal) | Hindi Pinahihintulutan | Ipinagbabawal na mga Federal Waiver Program | Mga tanging panlibangang aktibidad na hindi nakakatugon sa mga pangangailangan dahil sa kapansanan ng kalahok at/o kanilang mga layunin at kinalabasan sa IPP (halimbawa, mga tiket sa pagpasok sa amusement park o katulad nito para sa konsumidor) Hindi maaaring bayaran ang mga sumusunod na produkto at serbisyo: mga supply sa hobby, telebisyon, access sa cable, mga DVD. |

| Mga Produkto at Serbisyo | Hindi Pinahihintulutan, Pinahihintulutan o Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Bakit? | Ano ang Ibig Sabihin Nito? |
|---|---|---|---|
| **MGA PRODUKTO AT SERBISYO SA LABAS NG PLANO NG PAGGASTA** | | | |
| Mapagkumpitensyang Pinag-isang Pag-eempleyo (Competitive Integrated Employment, CIE) | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ibibigay ang mga karapat-dapat na insentibo para sa Mapagkumpitensyang Pinag-isang Pag-eempleyo sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na hindi saklaw ng plano sa paggasta para sa indibidwal na nakikilahok sa SDP. |
| Coordinated Career Pathways (CCP) | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ang Coordinated Career Pathways (CCP) ay isang bagong opsyong serbisyo sa pagkakaroon ng trabaho. Magbabayad ang mga Regional Center para sa serbisyong ito sa labas ng plano ng paggasta para sa indibidwal na nakikilahok sa SDP. |
| Pinag-uugnay na mga Suporta sa Pamilya (Coordinated Family Supports, CFS) | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ibibigay ang mga Pagtatasa ng CFS, Serbisyo at Pagbabayad ng Insentibo sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na hindi saklaw ng plano sa paggasta sa pamamagitan ng 076 para sa indibidwal habang nakikilahok sa SDP. |
| Mga halaga ng co-payment, deductible ng insurance o co-insurance | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ang mga halaga ng co-payment, deductible ng insurance o co-insurance ay babayaran nang hindi kasama sa plano ng paggasta para sa indibidwal na nakikilahok sa SDP. |
| May Bayad na Programang Internship | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ang mga karapat-dapat na sahod sa May Bayad na Programang Internship ay babayaran nang hindi kasama sa plano ng paggasta para sa indibidwal na nakikilahok sa SDP. |

| Mga Produkto at Serbisyo | Hindi Pinahihintulutan, Pinahihintulutan o Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Bakit? | Ano ang Ibig Sabihin Nito? |
|---|---|---|---|
| **MGA PRODUKTO AT SERBISYO SA LABAS NG PLANO NG PAGGASTA** | | | |
| Tulong sa upa, na alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code Section 4689(i) | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Ang halaga ng tulong sa upa na pinahihintulutan ng W&I Code section 4689(i) ay babayaran sa labas ng plano ng paggasta para sa indibidwal na nakikilahok sa SDP. |
| Pagpapanumbalik ng Supplemental Security Income (SSI)/State Supplementary Payment (SSP) | Makukuha: Hindi Kasama sa Pagkalkula ng Budget/Plano ng Paggasta | Patakaran ng Estado ng California, DDS | Isa itong "pass through" na serbisyo, na nangangahulugan na isa itong cash benefit sa California na binabayaran sa tao sa pamamagitan ng regional center.<br><br>Magpapatuloy ang regional center sa pagpondo sa serbisyong ito na hindi saklaw ng plano sa paggasta sa pamamagitan ng service code 065 para sa indibidwal habang nakikilahok sa SDP. |